# Kung Bakit Lumayo ang Ulap sa Lupa

**Allan N. Derain**

TULAD NG MARAMING hiwalayan, malamang na nagsimula rin ito sa samaan ng loob, sa maliliit na tampong kinimkim sa kanilang mga sari-sarili na inakalang mapalalampas naman dahil lubhang walang kuwenta para bigyan ng panahon at itawag sa atensiyon ng isa't isa. Nang mapansing paulit-ulit palang nangyayari ang maliliit na bagay—ang maliliit na pagkakamali, ang mumunting kawalan ng konsiderasyon sa isa't isa. Hanggang sa magsimula na ang bilangan, at ang bilangan ay masasamahan ng hanapan hanggang sa maliwanag nang lilitaw ang mga kulang, kung nasaan ito at kung nakanino. Nang magkaugat ang mga bintang at paninisi, sa wakas, tumubo rin sa isip ang mumunting pagpaslang o hindi talaga siguro pagpaslangan kundi lihim na hiling na ang isa'y tuluyan nang mabura sa mundong ibabaw, na parang pagpaslang din pero hindi talaga.

Pero kumusta ba siya bilang kapitbahay bago nangyari ang paglalayo ng mga loob at bago pa nagkaroon ng araw, buwan, at mga tala sa langit na siyang tunay na paksa ng kuwentong ito? Mabait naman daw ito, pambungad na pakonsuwelo ng mag-asawang Biglang Sibol na parang asong bungal na at hindi na makapangagat ang sinisikap na ilarawan. Pero alam nating susunod na rito ang litanya ng mga sumbat, pamimintas, at ang pagbibigay sa wakas ng babala tungkol sa tunay na pagkatao ng isang sa simula'y nagbabait-baitan, kaya tiyak nang ang magiging punto ng buong kuwento ay kung bakit dapat mag-ingat sa taong ito maliban sa hindi tao ang pinag-uusapan sa pagkakataong ito.

Kapag napapagod sa pag-iigib ang babaeng Biglang Sibol, sa kapitbahay niya naipapakiusap na sandaling ipatong ang dala-dalang tapayan ng tubig. Na walang problema kay kapitbahay dahil sa malapad nitong katawan na ang mga dulo ay di na halos maabot-tanaw. Lumulundo-lundo ang katawan; nitong binubuo ng tila malalaking balumbon ng mga bulak ngunit lagi't laging may mga butas itong tila malalaking palangganang may mga lalim na maaasahang sumahod sa ipapatong na tapayan, gusi, banga, palayok, kutsilyo, at kung anupang mga nais ilagak ng gustong makilagak. Madalas pa nga, itong kapitbahay na raw nila ang nag-aalok na sumunong sa tapayan o kung anumang nagkataong nais sa kaniyang ipasunong (basket ng kamote, kaing ng saging at papaya, tabungos ng palay at mais, tangkal ng mga manok at bibe, isang buong buhay na baboy, at kalabaw pa nga kung minsan) pabalik sa kanilang bahay. Alok na hindi matanggihan lalo't kung marami pang ibang gawaing naghihintay na matapos; bagama't nang panahong iyon, tila maling sabihing may mga gawain silang naghihintay na matapos dahil gawa lang sila nang gawa ng sa tingin nila'y kailangang gawin ngunit hindi sila nagbibilang ng oras o araw kung kailan ang mga ito matatapos o kailangang tapusin dahil wala pa nga noong araw at buwan na maaaring magsilbing pambilang sa mga lumilipas na oras. Kaya nga hindi angkop sabihing ganito ang mga pangyayari "nang panahong iyon" dahil hindi pa umiiral ang panahon. Dahil dito, natitikman pa noon ng tao na gumawa at magtrabaho nang hindi natatali ng oras. At dahil hindi sila natatali ng oras, wala rin silang kahit anong pagmamalay tungkol sa paglipas ng buhay. Hindi sa wala silang kamatayan. Totoong nakatakda pa rin ang katapusan ng lahat (tulad ng pagkakaibigan) ngunit nagtatanim sila at nag-aani pero walang isang tiyak na panahon para sa pagtatanim at wala rin para sa pag-ani dahil walang siklong sinusundan dahil walang nakaraan at hinaharap. Ang lahat ay isang kasalukuyang nagpapatuloy nang walang-hanggan.

Siguro dahil dito kaya naging bulagsak sa kanilang mga gamit ang mag-asawang Biglang Sibol. Naging mabilis sa pagtitiwala ng kanilang mga ari-arian sa kapitbahay na itinuring na rin nilang kapamilya. Dahil hindi pa nga noon umiiral ang oras, ikinakalat lang ng mag-asawang ito ang kanilang mga gamit kung saan nila ito huling ginamit nang walang pagsasaalang-alang sa masinop na pagtatago para agad na mahagilap kung kailan nila ito uli kakailanganin. Dahil wala ngang panahon, wala ring kailan. Walang kailan ang mga gamit.

Iyang pagiging burara, iyan nga ang unang puna ng ulap sa mag-asawang kapitbahay. Mga pabaya silang tao. 'Ika nga ng mga inang madalas magbunganga, "Kung de-tanggal lang 'yang bayag mo (kiki kung babae naman ang kinagagalitan) at puwedeng iwanan, pati 'yan siguro matagal na ring nawala."

Bukod dito, napansin din ng kanilang ulap na kapitbahay na hindi marunong magsaing ang maybahay na Biglang Sibol. Nalulugaw kundi man nasusunog ang kanin na dahilan bakit madalas uminit ang ulo ng lalaking Biglang Sibol sa tuwing umuuwi ito para kumain at mamahinga buhat sa pagtatrabaho. Pagkukulang ito ng babae na kung bakit hindi nito alam kung paano oorasan ang sariling sinaing na madali namang maintindihan sapagkat, gaya ng nasabi na, hindi pa nga noon umiiral ang oras o anumang konsepto nito.

Minsan pa nga, hindi lang ang sinaing ang nasunog. Muntikan nang masunog pati bahay nila dahil sa malakas na apoy na naiwanan sa kalan ng babaeng Biglang Sibol. Upang hindi na maulit ang aksidente, nag-alok ang kanilang kapitbahay na sa kaniya na lang ipatong ang kalan para malayo ang mag-asawa sa disgrasya sa susunod na malimutan uli ng babaeng Biglang Sibol na balikan ang niluluto nito. Dahil siguro batid din kahit paano ng mag-asawa ang kanilang pagiging malilimutin sa mga bagay-bagay kaya pumayag sila sa panukala ng kanilang nagmamalasakit na kapitbahay. Kaya simula nga noon, nakapatong na sa ulap ang kanilang kalan at dito na sila nagluluto sa tuwing kailangan nilang magluto.

Pero hindi ganito ang kuwentong maririnig sa babaeng Biglang Sibol. Ayon sa bersiyon nito, nanghiram ng kalan ang kanilang kapitbahay nang minsang magsabaw ito ng salmon sa miso. Nanghiram din ito ng palayok at sandok. Hiramang wala na palang saulian. Kaya nga nasa kapitbahay pa rin nila ang kalan pati iba pa nilang mga gamit hanggang ngayon. Ganito raw kasi talaga ang gawain ng kanilang kapitbahay.

Kung hihingan naman ng pagtatanggol sa sarili ang ulap, sasabihin niyang mahirap paniwalaan ang kuwento nitong dalahira niyang kapitbahay dahil bakit niya kailangang magluto ng kahit ano kung hindi naman siya kumakain? Sinong nagsabing kumakain ang ulap? At bakit salmon sa miso? Bukod pa rito, bakit naman niya pag-iimbutan ang kalan na yari sa tatlong tungkong batong mapupulot lang sa daan? Pero ganito nga talaga siguro ang mga panimulang dahilan ng mga away magkapitbahay—mahirap intindihin at madalas na walang kapararakan.

Pero may iba pang mga dagdag na bintang kasi ang babaeng Biglang Sibol sa kanilang kapitbahay. Kesyo hindi lang daw kalan ang hiniram nito nang walang saulian. Pati ang gintong suklay at kuwintas ng mga brilyante at perlas at iba pang mga alahas na regalo ng kaniyang bana, itong kapitbahay niyang magaling ang natatandaan niyang nanghiram sa kaniya dahil nais lang daw nitong sukatin sa sarili ang mga labis na kinaiinggitang hiyas. Malas lang talaga nitong kanilang kapitbahay na nag-iisa pa rin ito sa buhay at walang asawang maaaring paglambingan ng mga luho sa katawan. Kaya nga lagi itong nag-aabang sa kung anong ipasasalubong ni Ginoong Biglang Sibol kay Ginang Biglang Sibol sa tuwing umuuwi ang bana mula sa

pagtatrabaho. At dahil kitang-kita ng babae ang magkahalong inggit at pangungulila sa mukha ng kapitbahay kaya hindi niya ito natiis. Hinala pa nga ni Ginang Biglang Sibol na kung bubuksan lang ang halos daan-daang mga lihim na bulsa sa katawan nitong kanilang kapitbahay, malamang na lilitaw rito ang iba pang mga gamit nilang matagal nang nawawala. Dahil sino pa ba ang puwede nilang paghinalaan?

Kaya hindi niya talaga matanggap na siya pa ang palalabasin nitong masama. Na siya pa ang babaliktarin ng walang utang na loob sa bandang huli.

Ganito lang ang buhay noon. Noong abot kamay lang ng mga Biglang Sibol ang ulap nilang kapitbahay, na hindi lang kapitbahay kundi kapisan na ring maituturing dahil ang ulap ay nasa kahit saan. Nasa kahit saan kung saan nagkataong naroroon ang unang mag-asawa. Lumalatag, lumalapat, sumasakop, sumusuot, at sumasapol sa bawat sulok at panig. Kaya bukod sa ito ang panahong abot ng tao ang ulap, angkop din namang sabihing ito ang panahong abot ng ulap ang tao.

Mas naging malapit ang ulap sa babaeng Biglang Sibol. Sa tuwing umaalis ng bahay ang lalaking Biglang Sibol, sa naiwang maybahay ito madalas nakikipagkuwentuhan. Magugulat ang makikinig sa dalawang ito na sa kabila ng pagiging bata pa noon ng daigdig ay marami nang mga paksang napag-uusapan. Halimbawa, habang sabay nilang binabantayan ang sinaing, pareho nilang minamasdan ang paglabas ng usok mula sa palayok at ang pagtaas nito papunta sa himpapawid. Magpapalitan ang dalawa ng kani-kanilang mga sapantaha kung saan pumupunta ang usok. Hula ng ulap na nagtutungo ito sa dagat kung saan ito bumabalik sa pagiging tubig. Ito ang dahilan, aniya, kung bakit hindi nauubusan ng tubig ang dagat. Hula naman ng babaeng Biglang Sibol na pumupunta ang usok doon sa itaas ng kalangitan hanggang sa maabot nito ang malaking takip na tumatakip sa buong santinakpan. Ayon sa babae, dumaragdag ang usok sa takip upang lalo itong patibayin upang ang mga nasa loob ng santinakpang ito'y hindi makalabas papunta sa kasunod na daigdig at sa ganito rin, ang mga nasa labas ng santinakpang ito'y hindi makapasok para makapanghimasok sa ating sariling daigdig.

Bihirang mauwi sa pagtatalo ang kanilang magkaibang pakiwari dahil kahit paano nahihinuha rin nilang maaaring pareho silang tama. Na maaaring magdaan muna ang usok sa dagat at maging tubig bago tuluyang pumailanlang sa langit o maaaring magtungo muna ito sa langit bago bumagsak sa dagat.

Habang nakikipagtalamitam ng ganito sa babaeng Biglang Sibol, nasusundan din ng kabilang bahagi ng ulap ang pangingisda ng lalaking Biglang Sibol dahil nakararating ang mga himulmol nito kahit hanggang laot. Sa tuwing bumibisita ito sa karagatan, di maiwasang malambungan nito ang paligid kaya nahihirapan ang

lalaking Biglang Sibol makakita kaya nahihirapan din siyang mangisda kahit siya pa lang noon ang nag-iisang mangingisda sa buong karagatan.

Pero tatambog sa dagat ang ulap, sisisid ito, parang kumot na suson-susong magbababad at sisipsip di lang ng tubig kundi pati ng mga lamang-dagat na ibubuhos nito sa lupa bilang ulan kapag piniga nito ang sarili pabalik sa dating gaan. Kaya madalas, sa halip na mamalakaya, ang pagbuhos na lang ng ulap ng mga isda, hipon, pusit, at alimasag ang hinihintay ng lalaking Biglang Sibol. Kaya nga di pa man nakauuwi ang lalaki, mas nauuna pang nalalaman ng ulap kaysa sa asawa nitong babae kung mayroon itong huli o wala.

Magkaganito man, sa babaeng Biglang Sibol pa rin mapupunta ang karangalang magkaliskis at maglinis sa mga nahuling lamang-dagat. Ito rin ang magluluto ng paboritong salmon sa miso. Ang hindi maisasama sa luto, idadaing. Nang sa ganito, matagal pang maiimbak ang mga sobrang huli at hindi kakailanganin ng lalaking pumunta sa laot araw-araw para mangisda.

Pero hahadlang dito ang ulap. Haharangan nito mula sa sikat ng liwanag na nagmumula pa noon sa masinag na ulo ng bathalang si Tungkong Langit ang mga nakabilad na pang-ulam. Magtatagal ang pagkulimlim kaya sa halip na matuyo, mangangamoy lang ang mga sobrang huli hanggang sa mabulok. Ang tanging paraan para makapagdaing ay kung sa mismong ibabaw ng ulap ibibilad ang mga huli. Pero paano kung tangayin ng kanilang kapitbahay ang mga pinatutuyong ulam at dalhin sa kung saan? Paano rin kung lagyan ito ng lason? Pero kung naipagkakatiwala ng babae ang kaniyang gintong suklay at mga alahas dito sa kapitbahay, bakit hindi ang mga uwing huli ng bana? Ewan, hindi niya raw alam. Hindi niya rin maintindihan kung bakit pagdating sa mga lamang-dagat na ito, lagi siyang kinukutuban ng masama. Basta, masama. Kaya sa halip na makain ang mga labis na biyaya, pinakikinabangan na lang ito ng mga uod at langaw.

Bilang solusyon, naisip ng matalinong ginang kalaunan na isilid na lang ang mga sobrang huli sa mga bangang may lamang asin para doon maging bagoong. Sa ganitong paraan, walang huling nasasayang at di na kakailanganin pa ng kaniyang banang malayo sa kaniya araw-araw.

Ngunit kahit hanggang sa mga gubat at bundok kung saan nagkakaingin ang lalaking Biglang Sibol ay nasusundan pa rin ng ulap ang ginoo. Katunayan, alam niya ang dalas at haba ng pahinga nito sa isang buong araw ng paggawa sa bukid na sinasaka.

Kahit nga ang paliligo ng lalaki sa ilog ay walang palya nitong natutunghayan. Sa mga sandaling iyon, habang nanonood, hindi nito maiwasang humanga sa makisig na katawang parang adobe na nangingintab sa pagkakababad sa tubig at liwanag;

sa matikas na mga balikat, braso, at binti nitong tila bagong kayas na sanga ng kamagong; lalo na sa mapipintog na dibdib at puwit na ang kabilugan ay parang sa burnay na handa nang isalang sa nag-iinit na hurno; mapanghalinang mga hugis at kurba na hindi nasumpungan ng tumitingin sa sarili nitong repleksiyon sa tubig. Sa ganito napagtanto ng ulap ang pinakamatindi niyang kapintasan: ang kawalan ng tiyak na hugis, ang hindi pangangatawan ng sariling katawan, na kung tutuusin ay kawalan ng mismong katawan. Napabuntonghininga ang kanina lang na masiyahing nilalang. Malalim na malalim na nauwi sa pagsipol ng isang tila may asma.

Sa kabila ng ganitong imahinaryong pagkamatalik na namamagitan sa kanilang dalawa, laging nag-aalangan ang ulap makipag-usap sa lalaki o baka ito nga ang dahilan ng pagkaumid ng kaniyang dila sa tuwing nahaharap dito. Wala rin namang kuwentang kumustahin nito ang huli sa dagat o ang gawain ng lalaki sa bukid dahil batid nito na batid ng lalaking kapitbahay na alam na nito ang lahat tungkol dito. Dahil kahit saan pumaroon ang lalaki, hindi rin naman nawawala sa paningin nito ang kakatwa nilang kapitbahay.

Sa tuwing nagsisiping ang mag-asawang Biglang Sibol naroon din itong kapitbahay nila, sumasaksi sa kanilang ginagawa (o gusto sanang gawin). Naglalabas-masok ito sa kanilang tulugan at tila nasisiyahan sa pagdaan sa ibabaw at ilalim ng kanilang higaan habang sumisipol-sipol.

May laro sanang natuklasan ang mag-asawa sa kanilang mga katawan na gusto nilang gawin sa isa't isa. Natuklasan nila ito malamang habang nagbabayo ng palay. Napansin nilang ang gawain ng pambayo at lusong ay maaari din nilang gayahin sa pamamagitan ng kanilang mga ari, yaman din lang na ang dalawang gamit sa pagdikdik ng mais, pinipig, at palay ay may hugis na tulad ng kanilang mga ari. Dahil nasa lalaking Biglang Sibol ang pambayo, siya ang pupuwesto sa ibabaw ng nakalatag na katawan ng babaeng Biglang Sibol na may-ari naman ng lusong. Itataas-baba ng lalaking Biglang Sibol hindi lang ang mismong gamit na pambayo kundi ang kalahati ng buong katawan mula ulo hanggang baywang. Magpapatuloy ito sa pagbayo hanggang sa magiling nang pinong-pino anuman iyong ginigiling nito sa isip habang ginagawa ang bagay na iyon. At dahil matuwain silang mga tao kaya sinusubukan din nila kung anong magaganap kapag ibinaliktad naman ang posisyon ng pambayo at lusong. Sa pagkakataong ito, ang lusong naman ang gagawa sa ibabaw, buhay ito at may sariling isip na kumikilos ayon sa ibig. Ngunit kahit na anong posisyon ang kanilang gawin, kahit sino sa lalaking Biglang Sibol o babaeng Biglang Sibol ang lumagay sa ibabaw, lagi't lagi silang nauuntog sa ulap na kapitbahay na tila nananadyang pumatong sa ulo at balikat ng dalawa para doon magpabigat dahil tila gusto rin nitong makisali sa kanilang bagong tuklas na laro. Na nagdudulot ng labis na pagkalito sa dalawang manlalaro dahil di nila maintindihan ang

papel na ginagampanan ng ulap sa kanilang kunwa-kunwariang pagbabayo ng palay. Sa ganito tuluyang nadidiskaril ang kanilang laro.

Ito ang dahilan bakit hindi sila makabuo, tingin ng mag-asawa. At kung hindi sila makabubuo, paano pang maikakalat ang lahi ng mga tao sa apat na sulok ng mundo kahit di naman talaga iniisip ng mag-asawa ang pagpuno ng sariling lahi sa apat na sulok ng mundo dahil hindi pa nagkakahugis sa puso ng kahit sino ang ganitong imperyalistang adhika. (Walang Diyos na nag-utos sa kanilang humayo at magpakarami para punuin ang mundo at pamahalaan ito.) Katunayan, hindi nga nila pinoproblema ang pagkakaroon ng anak. Hindi (pa) nila problema ang pagpapatuloy ng susunod na salinlahi dahil para sa kanila, wala namang banta ng kahit anong pagwawakas na iniuumang ang buhay. Hindi nga pagkakaroon ng anak ang silbi ng pagbabayo para sa mag-asawang ito. Ang nais lamang nila'y maaliw sa isa't isa. Iyon lang. Mairaos ang pagsisiping sa ganitong paraan. Ito ang ibig nilang sabihin ng "makabuo."

Pero paano nga ito mangyayari? Kanino nila puwedeng ireklamo ang kapitbahay?

"Labas!" singhal ng lalaking di na nakapagpigil ng galit sa kapitbahay. Naibato pa niya rito ang totoong pambayo ng palay na nagkataong naroon lang pala sa tabi ng higaan na tila naghihintay lang na magamit. Dahil pakalat-kalat nga kahit saan ang kanilang mga gamit kaya hindi dapat magtaka bakit naroon ang pambayo kahit na ang lusong na kapares nito'y wala at di matagpuan sa tabi nito kung sakaling may maghanap man dito.

"Huwag kang istorbo!" segunda ng babae sabay hagis din sa isa pang pambayo na nagkataong nasa tabi rin nito.

Masama ang loob na lumabas ng silid ang pinalalayas na kapitbahay, himas-himas pa ang bukol na tinamo mula sa mga tama. "Saan ako puwedeng pumunta?" paulit-ulit nitong tanong sa sarili.

Nang magbalik ang katahimikan sa silid ng mag-asawa, muli nilang kinapa ang isa't isa sa gitna ng dilim. (Madilim noon dahil natutulog na si Tungkong Langit na pinagmumulan ng lahat ng liwanag). Ngunit nang magkadaupang katawan ang dalawa sa mahigpit nilang pagyayakapan, bigla nilang narinig muli ang sipol, mahinang mahina sa umpisa. Hanggang sa may mabuong puting kulambo sa paligid nila. Bukod sa harang sa lamok, ipinaghehele rin sila nito hanggang maabot nila ang isang paraiso sa panaginip kung saan naroon ang ulap na mabilis na sumalubong sa kanila ng mainit at mahigpit na yapos, pahigpit nang pahigpit hanggang sa masakal sila; pilit silang kumakawala pero lalo lang silang sinisikil hanggang lumuwa ang kanilang mga mata at maaalimpungatan sila pabalik sa pagkamulat.

Tulog pa rin si Tungkong Langit nang magising ang mag-asawa. Kaya naghahari pa rin ang dilim sa paligid. Walang nagawa ang mag-asawa kundi ang mahiga sa

tabi ng isa't isa, tumingala sa bubungan ng kanilang nagmumultong kulambo at makiramdam kung sino sa kanilang dalawa ang mauunang dalawin muli ng antok.

Kinalikot ng lalaki ang kaniyang ilong sa paghahanap doon ng gawaing maipapalit sa naunsiyaming libangan. May kulangot na nasungkit ang kaniyang hintuturo. Binilog-bilog ito na parang kandila sa pagitan ng hinlalaki at hintuturo. Ginaya ng asawang babae ang kaniyang ginagawa. Nang pareho na silang handa, sabay nilang pinitik ang mga nabilog na kulangot sa bubong ng kulambong ulap. Nagpataasan sila ng talsik ng kanilang mga pitik. Nagpustahan kung kaninong kulangot ang makaaabot at didikit sa ulap. (Nang magpakalayo-layo na sa lupa ang ulap at nang lumipat na ito sa langit para maging bagong tirahan ng mga bathala, unang napansin nitong mabubunying imortal ang mga duming nagpapadugyot sa dingding ng kanilang bagong tirahan. Mga duming nanigas na at hindi agad matanggal-tanggal kaya kailangan pa nilang eskobahin at is-isin ng abo, apog, at limon.)

Habang sarap na sarap sa kanilang ginagawa, naisip din ng mag-asawang Biglang Sibol (at hindi nila ito aaminin kahit kanino bagama't wala pa rin namang ibang tao bukod sa kanilang dalawa na puwede nilang pag-aminan) na mas nagmumukhang mataas ang nakataya sa kanilang naunsiyaming laro dahil may isa ritong hindi kasali na gustong-gustong makisali. Nagkakaroon ng ilusyon ng halaga ang kahit anong tinatanghuran nang may inggit at paghahangad. Kaya baka nga ito talaga ang papel ng kanilang kapitbhay di lang sa kanilang pagtatalik kundi maging sa kanilang relasyon. Salamat sa mainggiting kapitbahay, lagi nilang makikita bilang bagay na may mataas na halaga ang kanilang pagiging mag-asawa.

Ngunit sa tuwing isinasaalang-alang naman ng mga Biglang Sibol ang kalagayan ng kanilang kapitbahay, nauunawaan din nilang dahil wala itong asawa o kamag-anak na may mga pangangailangang dapat asikasuhin o isang bahay na dapat uwian at laging linisin kaya naging malaya ito sa pagpaparoo't parito. Iyong nakabuburyong na kalayaan na parusa para sa iba. At sa sobrang laya ng kanilang kapitbahay kaya ito naging isang kalat. Sa ganitong kalayaan, marahil ay pinili ng kanilang kapitbahay na sa kanilang mag-asawa na lang ibaling ang buong atensiyon sa halip na harapin ang sarili nitong hungkag na pag-iral. Kaya giliw na giliw ito sa kanila. Iyong nakakatakot na uri ng pagkagiliw.

Kaya naisipan nilang gawan ito ng sariling bahay na mauuwian. Magkatulong silang mag-asawa na nagpunta sa kakahuyan para mamutol ng mga kawayan. Pinagtulungan nilang buuin ang isang bahay na di hamak na mas malaki sa sarili nilang bahay. Mayroon itong pinto pero walang bintana. Dahil dito kaya mas nagmukha itong kahon na bagay maging kabaong.

Nang mayari nila ang bahay na mukhang kabaong, sabik nilang pinapasok dito ang kanilang kapitbahay. Pinilit nila itong magkasya roon na parang nagsisiksik ng

kapok sa isang sisidlan habang paulit-ulit namang nagpapasalamat ang kanilang kapitbahay sa kanilang ipinakikitang kagandahang-loob.

Nang maipasok sa loob ng kahon ang kabuuan ng kanilang kapitbahay, agad nilang ikinandado ang pinto nito. Pinaligiran nila ng matatalim na kampilan ang lahat ng panig at sulok ng kahon upang hindi makalabas o makapasok nang buo ang sinumang lalabas o papasok dito. Magkatulong nilang itinulak sa dagat ang kahon na isa rin palang kasko na maaaring lumutang-lutang sa laot. Dahil dito, hindi sinasadyang madisenyo ng mag-asawa ang kauna-unahang salimbal sa mundo.

Nang tuluyan nang pumalaot ang unang salimbal at nang hindi na ito matanaw ng mag-asawa buhat sa pampang, mabilis na umuwi ang dalawa upang masolo nila sa wakas ang isa't isa. Pagdating sa kanilang bahay, ginawa nila nang buong layaw at laya ang mga bagay na matagal na nilang nais gawin sa isa't isa. Ang pinakamasaya sa lahat, nagawa rin nila ang mga bagay na hindi nila akalaing kaya nilang gawin sa isa't isa, na maaari palang gawin sa isa't isa dahil noon pa lang talaga nila natutuklasan ang katawan ng isa't isa.

Pero sadyang hindi nagtatagal ang ganitong mga bagong tuklas na ligaya. Dahil sa bukbok. Binubukbok ang kawayan na kanilang ginamit para sa kanilang kapitbahay. Kaya nang dumapo sa bubungan ng kahon (na nalimutang palibutan ng kampilan) ang naliligaw na ibong tariktik at nang tumuktok ito sa kawayan ay agad na nabutas ang regalong kulungan. Kasinglaki lang ng kusing ang nagawa nitong butas ngunit sapat na iyon para masilip ng ulap kung nasaan siya at mula sa butas ding iyon ay makalagos siya palabas ng bilangguan at bumalik sa mga Biglang Sibol para mabalikan ang mga ito.

Nang makita ng mag-asawang Biglang Sibol na nakabalik na buhat sa pagbabakasyon ang kanilang kapitbahay na muling lumalatag, lumalapat, sumasakop, sumusuot, at sumasapol sa bawat panig at sulok ng mga lugar kung saan sila naroroon, sabay nilang naramdaman ang inis at pagkalugami sa nakatambad nilang kabiguan.

Dagdag pa rito, nagbalik ang kapitbahay na ulap bilang dagim na maitim at namimigat. Nang makagulong ito sa tapat ng bahay ng mag-asawa, walang patumangga nitong ibinuhos ang tubig dagat na kinimkim nito habang nakakulong at palutang-lutang sa laot. Kasama ng biglang buhos ng tubig na parang umaapaw na dikeng biglang binuksan ang mga lamang-dagat na noon pa lang nakita ng mag-asawa sa kanilang tanang buhay—mga igat na gabraso ang laki, mga pugita, barakuda, pating, pagi, dugong, ahas, buwaya, at nasamahan pa ng isang lumba-lumba. Bumuhos din kasama ng mga ito ang mga tipak-tipak na yelo, bato at koral, mga halamang dagat sabay sa sambulat ng mga graba at buhangin. Buong gigil ang mga

itong pinawalan ng kanilang kapitbahay. Gigil na namamalas lalong-lalong na sa mga bahagi ng katawan nitong dinadaluyan ng kuryenteng nagsasanga-sanga at nagiging mga sibat na tumutudla at nagpapatumba kahit sa matatandang punongkahoy.

Dahil halos kalahati ng dagat ang ibinubuhos ng nagbabalik na kapitbahay kaya tumaas nang tumaas ang tubig hanggang sa lumubog ang bahay ng mag-asawa, hanggang sa maabot ng ragasa ang tuktok ng matatayog na puno ng niyog. Upang makaligtas, inakyat ng mag-asawa ang tuktok ng pinakamalapit na bundok upang doon magtago.

Sinundan sila ng kanilang kapitbahay hanggang doon. "Hindi ninyo ako maaaring takasan," ang nababaliw na sabi nito sa gitna ng mahahabang sipol. Mabuti na lang, wala na itong tubig na mailuwa nang makasunod ito sa tuktok. Ngunit nang mapansin nga ng ulap na wala na pala siyang kahit anong bagahe, pinawalan nito ang mga natitirang galit sa loob sa isang sigaw na dinig ng buong santinakpan.

Nayanig ng malakas na sigaw ang bundok. Dumagundong ang langit. Maging ang takip na tumatakip sa santinakpan ay sandaling nauga anupa't inakala ng mga busaw na matagal nang nag-aabang mula sa kabilang mundo na makapapasok na sila't makapanghihimasok na sa wakas sa ating mundo.

Samantala, nakapagtago ang mag-asawa sa yungib na tirahan ng mga bayawak. Sinarhan nila ng mga bato ang lagusan nito. May kaliitan ang yungib na kanilang pinagtaguan kaya limitado lang ang kanilang mga kilos habang nasa loob nito. Pero dahil sa takot sa kanilang nag-aamok na kapitbahay (naramdaman pa nila roon ang pag-uga ng bundok na inakala nilang magbabaon na sa kanila sa lupa at limot), doon sila nanatili na parang mga patay sa loob ng nitso. Kabute, paniki, butiki, at palaka ang kanilang kinakain habang naroon. Umiinom sila mula sa lanaw na sumasalo sa tubig na dumadaloy sa batuhan. Nang maubos ang mga kabute, at nang wala na ring mga paniki, butiki at palakang naliligaw sa yungib na iyon, sinubukan ng mag-asawang Sibol ang pagkain ng kulisap at uod; at nang wala nang mga kulisap at uod, isinunod nila ang pagkain sa mga ugat at damo bago pa nila naisaalang-alang ang pagkain sa isa't isa.

Doon na sana sila maninirahan at kung nagkataon, sa kanila sana ang mga unang labi ng tao sa yungib na matutuklasan doon ng mga arkeologo pagkalipas ng 60,000 taon, pero nang matuyo ang lanaw, hindi na nila natiis ang kanilang gutom at uhaw. Kaya minabuti nilang lumabas na ng yungib at harapin na ang galit ng kapitbahay sa pag-asang humupa na rin ito kahit paano sa tagal ng panahong lumipas bagama't wala silang kaalam-alam kung gaano na nga ba silang katagal sa yungib na iyon. Hindi naman siguro sila habang-buhay na matitiis ng kanilang kapitbahay sa haba ng kanilang pinagsamahan. Magmamakaawa sila. Bahala na.

Isa pa, kailangan na talaga nilang lumabas ng yungib dahil nararamdaman na ng babaeng Biglang Sibol ang pamimintog ng kaniyang tiyan. Kahit paano, alam ng babaeng

hindi sa mga pagkaing kinain niya sa loob ng yungib nakuha ang pamimintog na iyon. Bagkus, isang kalagayan itong bagong-bago sa kaniya at kahit paano ay nararamdaman din niyang maselan. Nararamdaman niyang hindi na lang sila dalawa sa loob ng yungib kundi tatlo na. Na may mga bagong pangangailangan ang kaniyang katawan na hindi matutugunan ng yungib. Nararamdaman din niya sa kaniyang kaibuturan na itong nasa loob ng kaniyang katawan ang magtatanggol sa kanila, ang mag-aahon sa kanila at maghihiganti para sa lahat ng pagkabusabos na kanilang inabot. Kasabay nito, nabubuo rin sa kaniya ang kutob, isang magandang kutob, na ang takot at galit niya'y mapapalitan ng galak dahil dito sa kaniyang dala-dala. Di man namamalayan ng babaeng Biglang Sibol, ngunit sa katunayan, kahit pa malabo sa simula, ay unti-unti nang nabubuo sa kaniya ang isang pag-asam na maghahatid din sa kaniya kalaunan, sa unang pagkakataon, sa isang personal (at hindi pa metapisikal) na konsepto ng hinaharap. Kaya kailangan niyang ilaban kung anuman itong nabubuo ngayon sa kaniyang kaloob-looban. Alang-alang dito kailangan nilang makipagsapalaran.

Samantala, sa balak na paglabas sa yungib, mas malakas ang loob ng lalaking Biglang Sibol na gawin ito. Alam naman niyang may pagtatangi sa kaniya ang kanilang kapitbahay. Kung tutuusin, hindi niya kailangang magtago dahil malayong mangyaring saktan siya ng dating kaibigan, ng dating bukas-palad niyang kaibigan. Kung hindi nga lang niya kinailangang samahan itong babae. Pero anong pangangailan ba ang nagbibigay sa kaniya ng obligasyong samahan ito hanggang dito sa libingang kanilang kinasasadlakan? Dahil ba nagkataong magkatulad sila sa pagiging tao? Dahil ba may isang lihim ngunit makapangyarihang batas na nagsasabing hindi siya maaaring lumigaya sa piling ng mga usa sa gubat o sa malalaking marmol sa tabing-ilog dahil tao at tao lang din ang huli niyang hantungan sa paghahanap ng magiging kasama? At habang tulad niyang tao, bakit kailangan na ito'y maging ibang sari ng tao, kung paanong siya ay isang taong lalaki at ang kaniyang asawa ay isang taong babae? At sa labas ng ganitong pagpapares ay wala nang ibang mga pag-uugnay kung kaya ang kombinasyon lamang nilang Biglang Sibol ang tama? Ngunit bakit narito sila ngayon? Nasa loob ng yungib at wala nang ipinagkaiba sa mga insekto at bulateng dito rin nakatira? Dito, pare-pareho silang kailangang gumapang sa lupa at pare-pareho silang nabubuhay sa dikta ng kanilang mga sikmura.

At habang tinitingnan niya ang kasamang namimilog na ang tiyan na tulad ng mga palakang kinakain nila dito sa kanilang lungga, tila biglang natanggalan siya ng piring sa mata sa unang pagkakataon. Dahil nakikita na niyang maliwanag lahat ng kapintasan nito tulad na lang ng pagiging tamad at walang kuwentang katuwang. Kailan siya nito sinamahang magsaka sa bukid o manghuli ng isda sa dagat? Lagi itong naiiwan sa bahay para maghapong magsuklay ng buhok, magsukat ng mga alahas sa katawan, at

makipagkuwentuhan sa kapitbahay. Ang kakaunti na nga lang na trabahong bahay gaya ng pagsasaing ay di pa nito nagagawa nang tama. Bukod sa pagiging batugan at palaasa, nakikita na niya ngayon na punong-puno rin ito ng yamot at hinanakit. Ang pakanang ipaanod sa dagat ang kanilang walang muwang na kapitbahay, ang asawa niyang babae ang nakaisip talaga nitong lahat. Pinagbigyan lang niya ang gusto ng asawa dahil asawa niya ito at ito raw ang pinakamakabubuti sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa.

At habang iniisip lahat ito ng lalaking Biglang Sibol, takang-taka naman ang babaeng Biglang Sibol sa kaniyang kinaroroonang sulok kung bakit siya tinitingnan ng kakaibang tingin ng kaniyang bana, siya at ang namimintog na niyang tiyan, tingin na noon lang niya nakita sa mga mata nito.

Nang humupa ang bagyo sa dibdib ng ulap, noon niya nakita at napagtanto ang kaniyang ginawa: na hinati niya sa dalawa ang dagat. Dinala niya ang kalahati ng dagat sa lupa kaya lumubog ito at naging pangalawang dagat. Kaya ang lupa, na isa na ring dagat, at ang dagat mismo ay nagmukhang isang buong dagat na lamang sa ibabaw ng mundo.

Sa unang pagkakataon, natanto ng ulap ang tunay niyang kapangyarihan. Ngunit nang kumati ang tubig at tumambad sa kaniyang paningin ang saklaw ng mga kamatayan at pagkawasak na idinulot ng bahang kaniyang ipinadala, natanto rin niya ang tunay niyang kakayahang kumiling sa panig ng kasamaan. Hindi dahil sa pinag-iisa niya sa kaniyang unawa ang kasamaan at kamatayan. Hindi gano'n. Nakita niya ang sariling kasamaan (o ang Kasamaan na nasa sarili) dahil napatunayan niyang kaya niyang gumamit ng dahas para ganapin ang kamatayan. Na kaya niyang maging marahas para tapusin ang mga buhay na nais niyang magtapos. At hindi lamang iyon, dahil kung kinakailangan (pero kahit hindi rin kailanganin), maging ang mga buhay na nagkataong nakapaligid sa mga buhay na nais niyang wakasan; halimbawa na lang itong mga manok na nakasabit at walang buhay na bibitin-bitin sa puno ng sampalok na inakala sigurong maliligtas sila ng punong pinagdapuan dahil hindi makaaabot sa tuktok nito ang tubig. Hindi nila natantiya nang lubos ang sukat ng kaniyang galit at pasensiya kaya pasensiya na lang. Damay-damay na lang sa mga pakalat-kalat sa daan.

Ngunit ang higit na nakahihindik ay iyong pagkakatantong sa huli, nakagawa siya ng ganito hindi talaga dahil sa galit kundi dahil sa lungkot. Dati na pala siyang malungkot. Sa sandaling napanghawakan ang kalungkutang ito na parang tatak sa noo, doon biglang nabuhay ang kaniyang pagiging mamamatay. Nang makalabas siya sa kabaong at nalaman kung paano siyang nakalaya roon, sa halip na ikatuwa, doon siya unang nagkamalay sa sariling lungkot, isang malalim pa sa balon na uri ng lungkot nang mapagtanto niyang itong ibong tariktik lang ang kaisa-isang nilalang na nagpakita sa kaniya sa buong buhay niya ng tunay na pagmamalasakit.

Kaya sa halip na hanapin ang mga Biglang Sibol na gusto talaga niya sanang gawin nang unang humupa ang kaniyang galit ngunit sa kung ilang beses nang pagpapaikot-ikot niya sa bundok habang pinag-iisipan ang mga bagay na ito, ano't hindi na niya makita kahit anino ng mga ito, marahil tinangay na rin ng baha patungo sa dagat. Kaya napagpasyahan niyang ang ibong tariktik na lang ang hanapin at balikan.

Bakit ang ibon? Dahil ito nga ang nagbunsod para makita niya ang sariling kalungkutan. Kaya di man niya talaga sinisisi, ngunit kahit paano'y iniuugnay niya sa kaniyang ginawang pagpapadala ng delubyo bilang hindi sinasadyang kasapakat. Ngunit bukod dito, may malakas na kutob itong ulap na sugo ni Alunsinang Nakakubling Diwata ang ibon kaya ito nagpamalas ng di maipaliwanag na kabutihan sa kaniya. Kaya kung may puwedeng mahingan ng tawad sa lahat ng kaniyang ginawa sa ngalan ng lahat ng kaniyang binawian ng buhay, iyon ang tariktik na mensahero ng Diwatang Bathala. Kaya hahanapin niya ito at ikukuwento niya rito ang lahat ng kaniyang mga pinagdaanan at ang lahat ng kaniyang mga ginawa. At sasabihin nito sa bathalang maylikha ang lahat ng kaniyang sinabi rito. Malalaman ng Bathalang Diwata ang kaniyang panig sa mga pangyayari at maiintindihan siya nito. At sa huli, aatasan nito ang ibong ipaalam sa nagsisising ulap na pinapatawad na ito kaya malaya na rin itong makapagsimulang muli.

Bitbit ang ganitong pag-asa, binalikan ng ulap ang dating kulungan sa pag-aakalang makikita ang ibong tagapagligtas kung saan ito huling iniwan. Habang tinatalunton ang kinaroroonan ng salimbal, sinusuyod din nito ang malawak na karagatan. Habang palutang-lutang sa gitna ng laot, ayaw pa muna nitong mabasa dahil lalong nagdumiriin ang mga alaala ng baha sa dampi ng tubig-alat. Kaya para maiwasan ang wisik ng mga alon, pinanatili nito ang sariling distansiya. Hanggang sa matanaw nito sa wakas ang bahay na tila kabaong. Mula sa ibabaw, nilibot nito ng tingin ang buong lapad at kahabaan ng dating bahay na sinisiklot-siklot ng hangin at alon na parang laruan. Luminga-linga siya sa paligid pero hindi niya nakita ang tariktik. Malamang na inanod na rin ito kasama ng iba pang mga namatay.

Sino pa ang puwede niyang kausapin? Gusto niyang simulan ang pag-iyak na gagawin niya hanggang magwakas ang mundo. Gusto niyang simulan ang pagluluksa sa lahat ng mga inosenteng inagawan niya ng buhay. Pero bago maglupasay, sinubukan pa niyang tawagin ang tariktik. Tariktik! Tariktiktik tarrri-rik-tik! Tiktiktiktiiik! Sa ikatlong pagtawag, walang ano-anong lumabas buhat sa butas ng salimbal ang ibong pinagpala. Kasinglaki na ng kamao ng sanggol ang naturang butas kaya nakalabas-masok na rin dito ang ibon.

Tuluyan nang napaiyak ang ulap dahil sa labis na tuwa. Sinimulan nitong ikuwento sa ibon ang tungkol sa paghahanap niya rito.

"Hindi ako ang ibong tariktik na nagpalaya sa iyo," pahayag ng ibon sa pilit na

pinalalaking boses. “Ako ang kaluluwa ng ibong iyon,” pagpapakilala nito bagama’t kapansin-pansin na tumaba ito at kung uusisain kung bakit ay dahil sa dami ng mga bukbok at uod sa kawayan na nakain nito buhat sa loob at labas ng bahay na kahon (ito talaga ang kaniyang pakay rito bakit ito tumuktok sa kawayan at nakagawa ng butas na nagpalaya sa ulap).

“At ngayon, ako’y magbabalik na sa aking pinagmulan,” pamamaalam nito sa wakas na parang ang pupuntahan ay isang malayong-malayo at napakaimportanteng lugar ngunit sa katotohanan, busog na ito’t gusto nang makaalis dahil hindi na rin talaga nito matagalang makipagkuwentuhan pa sa ulap.

“Ang ibig mong sabihin, magbabalik ka na sa Bathalang Diwata-Diwatang Bathala na nagsugo sa iyo sa lupa?” paglilinaw ng ulap.

“Parang gano’n na nga.”

Lumipad ang ibon papunta sa langit. Sumunod agad ang ulap. Wala itong kamuwang-muwang na ang pupuntahan ang magiging susunod na nitong tirahan sa loob ng mahabang panahon.

Habang pataas nang pataas ang nararating ng dalawa, maiging pinag-iisipan ng ulap kung ano kaya ang itsura ni Alunsinang Nakakubling Diwata—kung ito ba’y kamukha rin ng mga taong kakilala niya o isang bagong anyo na hindi pa kahit minsan dumaan sa kaniyang hinagap ang kaniyang mamamalas. Sa gitna ng ganitong kaabalahan ng utak, nawaglit sa kaniyang pansin ang ibon na bumaling patungo sa isang natanaw na isla. Sa sobrang bigat, napagod ito sa pagkampay kaya nagpasyang mamahinga muna.

Nagpatuloy mag-isa ang ulap sa pagtaas hanggang sa marating nito ang kalawakan na isang malawak na kawalan. Kinabahan ang manlalakbay dahil sa gitna ng kawalan, napansin niyang nawawala ang ibong kasama niya kanina lang. Pero dahil narito na rin lang siya kaya ginapi niya ang sariling kaba. Napagpasyahan niyang hindi na niya kailangan pang makiraan sa mensahero ng bathala kung narito na siya’t maaari nang dumiretso sa mismong harapan nito.

Lalo pang pumaimbulog ang ulap habang lalo namang kumakapal ang kawalan sa kaniyang paligid. Hanggang sa marating niya ang eter kung saan nakita niya sa wakas ang takip ng santinakpan na naghihiwalay sa mundong ito sa iba pang mga mundo. Dahil ang mundong ito ay tila loob, labas, rabaw, at paligid ng isang malaking bangang may takip at nasa ibabaw ng takip nakabantay ang dalawang higanteng buwayang naatasang maging tanod ng ating mundo. Sa paligid ng takip, nakaukit sa sinaunang baybayin ang mga lihim na katagang si Alunsina mismo ang sumulat. Tanging ang makababasa lang sa mga katagang ito ang pagbibigyang makapasok o makalabas sa ating mundo.

Nadatnan ng ulap ang pagkakagulo roon ng mga busaw na nagtutulong-tulong na matungkab para tuluyang mabuksan ang takip habang itinataboy naman sila

ng dalawang buwaya gamit ang mga buntot na panghampas. Bilang pagsisikap ng dalawang buwayang maibalik ang kaayusan, nakikiusap ang mga ito sa mga busaw. Malayo pa lang, narinig na ng ulap ang sinasabi ng dalawang bantay sa mga pasaway. Na hindi pa ninyo oras. Sinasabi nila ito nang paulit-ulit. Hindi pa ninyo oras. Noon lang narinig ng ulap ang salitang oras kaya hindi niya mawari ang sinasabi ng mga ito, kung bakit kailangan ang oras para makapasok sa ating mundo. Kung may magtatanong kung naiintindihan din kaya ng dalawang buwaya ang sinasabi nila, ang sagot diyan ay hindi. Ito ang sinasabi nila sa mga pilit manghimasok dahil ito ang ipinasasabi ng Bathalang Diwata na siyang tunay na nakauunawa sa ibig sabihin ng oras bago pa man nagkaroon ng oras sa ating mundo. Naiintindihan din ito ng mga busaw na pinagsasabihan dahil may oras na sa daigdig nila (na hindi nalalayo sa pagsasabing may kuryente na sa barangay nila pero sa iba ay wala pa); iba nga lang marahil ang takbo o ikot nito kung ang oras man ay tumatakbo o umiikot doon sa kanilang dimensiyon.

Ano't anuman, nang bahagyang maiangat ng mga makukulit ang takip, natanaw ng ulap sa siwang ang anyo ng mga busaw na nagpipilit makapasok sa ating mundo. Ang isa'y may ulo ng baka, ang isa'y sa banog, at ang isa nama'y sa bayawak. Nakita niyang tila parte naman ng katawan ng tao ang kanilang mga dibdib, braso, kamay, binti, at paa, ngunit hindi gaya ng katawan ng lalaking Biglang Sibol na kaniyang itinangi sa lahat ng mga katawan, tinutubuan ang mga ito ng mga sanga, ugat, dahon, kaliskis, kabibe, kabute, mata, pako, tansan, at mga batong kristal na parang ang mga ito'y mahahalagang parte rin ng kanilang mga ari.

Natigalgal ang ulap sa kaniyang nakita. Hindi siya makahuma sa simula. Hindi matanggap ng kaniyang loob ang ganitong di mawaring pagkanilalang. Hindi rin niya lubos maisip na kung ganito nga ang anyo ng mga busaw ay ano naman kaya ang anyo ng mga diwata? Hindi malayong maging ganito rin o baka mas masahol pa.

Bigla siyang inatake ng matinding pagkaliyo. Sa kauna-unahang pagkakataon, nawalan ng panimbang ang tulad niyang sanay na sanay sumampa sa himpapawid. Nais na lang niyang bumulusok at dumausdos pabalik sa lupa, kundi naman sa dagat, o kung saan mas madaling sumadsad. At gano'n nga ang nangyari.

Hindi natagalan ng mag-asawang Biglang Sibol ang liwanag sa labas ng yungib. Itong liwanag na hindi pa noon galing sa sikat ng araw kundi sa maluwalhating sinag sa ulo ni Tungkong Langit kung saan dumadaloy lahat ng liwanag sa buong sangkalawakan. Sa tagal ng kanilang inilagi sa loob ng yungib na bagay lang maging lungga para sa mga bayawak at ahas, pagapang na lumabas mula rito ang mag-asawang Biglang Sibol dahil kailangan pa rin nilang sanaying gamitin muli ang mga paa bilang pangtapak

at panglakad. Doble hirap ang inabot ng babaeng Biglang Sibol dahil kailangan din niyang igapang ang dinadala.

Nang balikan nila ang dating bahay, wala na ito sa dating kinatitirikan. Wala na silang naabutan. Nakita ng lalaki ang kaniyang nakatimbuwang na kalabaw, luwa ang mga mata, inuuod at nilalangaw. Nakita ng babae ang kaniyang libo-libong magiging mga anak sa hinaharap, nakaangat ang mga braso't kamay mula sa mga hukay.

Gustong magsaing ng babaeng Biglang Sibol. Kaya tinipon nilang mag-asawa kahit ang mga bulok na butil ng palay na nagkalat sa paligid. Gumawa sila ng panibagong lusong at mga pambayo para bayuhin ang mga naipon. Nagtig-isa silang mag-asawa ng pambayo para gawin nang salitan ang pagbagsak at pagtaas ng mga ito mula sa tinututukang butas.

Habang nasa gitna ng kanilang paggawa, biglang nagdilim ang kalangitan. Tumingala sila at noon nila nakita ang tila bulubunduking hugis na ang mga dulo'y tila nagkalat na buhangin sa dalampasigan. Tuloy-tuloy ito sa pagbulusok at sila ang tatamaan pag sadsad nito sa lupa. Kilala nila kung sino itong paparating.

Walang nagawa ang mag-asawa kundi ang ipagpatuloy ang ginagawa. Kung katapusan na nila, katapusan na talaga nila. Ito na lang ang nasabi nila kapuwa sa kanilang mga sarili. Bukod dito, may kung ano sa kanilang mga pagkataong ayaw bumitiw sa mga hawak na pambayo. Na parang nagpapaalala sa kanilang sa lusong at pambayo nagmula at patuloy na nagmumula ang buhay at dito rin sila kakapit sa lilim ng nakaambang kamatayan. Na kung ang dating kapitbahay ang sugo ng kamatayan (siya at wala ng iba) ay magagamit nga nila ang mga pambayo bilang pantaboy rito kung ilalagay lang ng mag-asawa ang lahat ng kanilang galit at gigil sa ginagawang pagbabayo. Kaya kasabay ng pagtaas at pagbagsak ng kanilang mga katawan, inusal nila kapuwa ang dasal ng pagpapalayas na unang dasal na napilitan nilang matutuhan. Habang tumitindi ang galit sa kanilang mga dibdib, humahaba naman nang humahaba ang kanilang mga hawak na pambayo.

Nang papalapag na sana ang nagbabalik na ulap, mga tama ng dalawang pambayong kasingtaas na ng kawayan ang sumalubong dito. Tuloy-tuloy ang pagsalpok sa kaniya ng matitigas na kahoy na ang mga dulo ay biglang tinubuan ng mga nag-uunahang balisong. Nasaktan ang ulap sa salubong na buntal at saksak gayong hindi pa nga ito halos nahihimasmasan sa trauma na inabot niya mula sa pag-akyat sa langit. Ngunit ang higit na yumanig dito ay nang makitang inaagasan na ng dugo ang babaeng Biglang Sibol dahil sa tindi ng ginagawa nitong pagbabayo. Hindi pa niya noon naiintindihan kung ano iyong kulay pulang dumadaloy pababa sa binti at paa ng babae pero tila inaagasan din ng buhay ang ginang na tuloy-tuloy sa paghataw na parang wala nang bukas.

Ito ang bagay na hindi natagalan ng ulap. Kaya di pa man nakatatapak muli sa lupa, pumihit ito at agad bumaling sa langit upang doon na tunay na magpakalayo-layo.

Ganito ikuwento ng mag-asawang Biglang Sibol sa kanilang mga anak ang kinahinatnan ng mga pangyayari. Nang lumayas daw ang ulap, tangay nito ang kanilang kalan kasama ang gintong suklay at mga alahas ng kanilang ina na sa buong panahong iyon ay hindi talaga inaalis ng kanilang kapitbahay sa sarili nitong pag-iingat.

Nang lumipat ng tirahan ang kanilang kapitbahay sa piling ng dalawang buwayang nagbabantay sa takip ng santinakpan, natanaw pa nila kung paano nitong inilatag sa kalawakan ang kanilang mga dating pag-aari na parang mga gamit na inari na nito para sa sarili. Magkahiwalay ang gintong suklay at kalan samantalang ikinalat ang makikinang na mga butil ng alahas sa lahat ng panig ng kalawakan na parang ipinakikita kung gaano ito karami.

Napuna rin ng mag-asawang Biglang Sibol na may ginagawa ang dating kapitbahay sa mga gamit na ito na parang isang bagong laro na unti-unti rin nilang naintindihan kalaunan. Napansin nilang ang kalan, suklay, at mga alahas na ang pumalit sa masinag na ulo ni Tungkong Langit bilang tanglaw. Matindi ang liwanag na may kasama pang init ang nagmumula sa kalan na tinawag nilang "adlaw." Malamlam naman ang liwanag buhat sa gintong suklay na tinawag nilang "bulan." Habang nagsisilbing palamuti sa langit ang kumukutitap na mga alahas na tinawag nilang "bituon."

Napansin din ng mag-asawa kung paanong pinagsasalit-salit ng dating kapitbahay ang gamit sa mga tanglaw na ito. Ang kalan ang tanglaw tuwing naghahari ang liwanag na tinawag nilang "adlaw." Ang suklay at mga alahas ang mga tanglaw tuwing mas malaganap ang dilim na tinawag nilang "gabii." Napansin din nilang may sinusundang pagkakaayos ang dating kapitbahay pagdating sa tagal ng paghahapag ng mga tanglaw na ito sa kalawakan. Tila bugtong na nasagot din nila ang sistemang binubuo nito. Na ang salitan ng mga tanglaw at ang tagal sa paghahapag sa mga ito ay paraan ng pagmamarka sa paglipas ng panahon. Nakuha nila ang paraan ng paghahati ng isang buong maghapon gamit ang araw at nabigyan din nila ng pangalan ang bawat hati. "Nasirakna" kapag sumisikat pa lang ang araw; "nabahadna" kapag ito'y tumataas; "iguritlog na" o pangingitlog ng manok na tumutukoy sa mga oras sa pagitan ng 9:00 hanggang 11:00 ng umaga; "odto na an adlaw" kapag nasa tuktok na ang araw; "palisna" kapag pababa na ang araw mula sa tuktok; "ligasna" habang bumababa ang araw; "tungana" na pagitan ng tuktok at lubugan ng araw; "natupongna sa lubi" o pantay-niyog na ang araw; "apuna" pag lumubog na ang araw; "natorna" kapag lubog at wala na ang araw; "igsirinto" kapag madilim na at di na

makilala ang mga tao. Simula nga noon, ang lahat ng bagay sa mundo ay nagkaroon ng takdang oras. Ito ang regalo at sumpa sa kanila ng dating kapitbahay.

Naintindihan din ng mag-asawang Biglang Sibol na may ibig ipaabot sa kanila ang dating kapitbahay sa pamamagitan ng lahat ng mga ito. Na kung may oras ngang minamarkahan para sa kanila ang mga tanglaw sa kalangitan, ang oras na ito'y tumatakbo at nauubos na parang tubig sa palad. Ang oras nilang mag-asawa ang talagang binibilang para sa kanila ng mahiganting ulap. Na inoorasan sila nito. Sila at ang lahat nilang angkan. Sila at ang buong lahi ng tao. Ipinaaalala nitong magwawakas din ang kanilang panahon at hihinto rin ang kanilang paglaganap upang magbigay-daan naman sa panahon ng ibang mga nilalang at pagkanilalang, sa iba pang mga uri ng buhay na wala pa o paparating pa lang dito sa ating mundo.

(Ang hindi alam ng mga Biglang Sibol, na kung sakali mang dumating ang panahong iyon ay tunay na hahanap-hanapin sila ng ulap. Hahanap-hanapin nito lalo na si Ginoong Biglang Sibol. At paminsan-minsan nga, nangungulila sa dating mga kaibigan ang ulap kaya may mga pagkakataong nakikita itong dumadalaw at humahalik sa lupa bilang hamog.)

Samantala, may isa pang bersiyon ang kuwentong ito na mahirap nang matunton kung kanino galing. Sang-ayon dito, nang unang makarating ang ulap sa langit ay dito na talaga ito naglumagi. Pagkarating na pagkarating doon, buong pananabik nitong ipinuno sa kawalan ng kalawakan ang mga gamit na alaala niya buhat sa mga tao.

Habang sa lupa, hindi pa lumalabas ng yungib ang mag-asawang Biglang Sibol sa pag-aakalang tuloy pa rin ang pakikidigma sa kanila ng ulap. Katunayan, doon na sila nanatili. At nang may maglakas-loob sa wakas na lumabas buhat sa yungib na iyon, hindi na iyon mga tao kundi mga bayawak. Puwedeng ito ang mga bayawak na dati nang nakatira doon pero puwede rin namang umurong ang ebolusyon ng tao sa tagal ng kanilang paglalagi sa loob ng yungib kaya sila naging mga bayawak. Sa sobrang tagal, malamang na hindi na nga ang mag-asawang Biglang Sibol iyong lumabas na mga bayawak kundi mga kaapo-apuhan na nila. Dahil baka matagal na ngang pumanaw ang unang mag-asawa sa yungib na kanilang pinagtaguan.

Ngunit sa kabila ng ganoon nilang kondisyon na unti-unting uusad para magbalik sa pagiging mga tao pagkaraan ng 150 milyong taon, kagila-gilalas na may mga alaala pa rin sila ng kalan, suklay, at mga alahas. Kaya nang itiningala nila sa langit ang mga matang tila mga bukadkad ng mirasol, at nang makita nila ang araw, ang buwan, at ang mga bituin, sa kanilang mga utak-reptilya ay sinabi nila sa kanilang mga sariling amin ang kalang iyon; amin ang suklay na iyon; amin ang mga alahas na iyon.